أنا مسلم

I AM MUSLIM

Mga usapin upang pagpapakilala sa relihiyong Islam

Dr. Abdullah bin Muhammad Alghamidi

فليبيني

Filipino

أنا مسلم

I AM MUSLIM

Ang kopirayt ay para sa lahat ng Muslim
na nagnanais ipalaganap at ipa-printa ang
librong ito, at hindi maaaring ibenta o ibahin ang
mga nilalaman nito, maliban kung pagkatapos
humingi ng pahintulot na sulat kamay mula sa
akin na galing sa opisina ng Taqaat Educational
Consulting

**taqatedu@gmail.com**

**Unang Edisyon**

**1445h-2023**

أنا مسلم
I AM MUSLIM

أنا مسلم

I AM MUSLIM

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

**“Sa Ngalan ng Allah, Ang Maawain, Ang Mahahabagin”**

# PANIMULA

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng buong daigdig. panalangin at mataas na pagbati ay mapasa-pinakamarangal sa mga Sugo at Mensahero.

Bilang pagpapatuloy: Tunay na ang pinakamainam at pinakamahigit na biyaya ay ang Islam, ang biyaya na ibinigay ng Allah sa Kanyang mga alipin na mananamplataya; at upang mapasalamatan ang biyayang ito, kinakailangan na ito'y ating ipahayag sa silangan at kanluran ng buong mundo.

At kung ating mapapansin, hindi maiiwasan na maraming makakasalamuhang hindi Muslim ang isang Muslim sa kanyang buhsy, ito man ay sa pamilihan, sa kanyang trabaho at mga pinupuntahan, gayun din sa tuwing makikita nya ang ilan sa kanyang kapitbahay, at maaaring sa kanyang mga kamag-anak at mga asawa, at hindi imposible na ang ilan sa mga Muslim ay hindi kinakayang iharap at ipakilala ang relihiyong Islam sa mga taong iyon at ito'y nangyayari sa ilang dahilan, isa dito ay hindi nalalaman ng ilang Muslim kung ano ang nararapat nilang unahin bilang pagpapakilala sa Islam, isa din ang mahina o mababang kaalaman sa relihiyong Islam, nabibilang rin sa dahilan ay malaking pagkukulang sa pagsasabuhay ng Islam at marami pang iba.

Kaya't nararapat na ihandog ang mga pangunahing katuruan tungkol sa Islam sa isang hindi Muslim; upang matanggal ang kalituhan tungkol sa Islam, at hindi magkaroon ng mga maling akala dulot ng pagkakaiba sa panahon, pananaw at langkap.

Darating ang paksang ito bilang pagpapadali at pagtulong sa mga taong nais makilala at matunghayan ang relihiyong Islam sa maayos at maiksing pamamaraan, ito ay naglalaman ng mga ideya at kahulugan patungo sa iisang mensahe, malayo sa mga maling akala at talakayan; dahil hindi dito ang naaangkop na lugar at oras tuwing

ipinapakilala ang Islam, upang maging kasagutan sa mga tanong ng hindi Muslim.

At mainam na maging malinaw, na hindi kinakailangan na lahat ng nais magparating ng Islam na siya ay mahusay at magaling sumagot ng mga maling pananaw tungkol sa Islam, ito’y mataas na hakbang at maaaring hindi kinakaya ng karamihan na nagpaparating.

Ang paksang ito ay nagsisilbing gabay sa lahat ng manunulat tungkol sa Islam sa madaling salita at saklaw na kahulugan para sa mga nais matunghayan ang Islam.

Ang paksang ito ay hinango mula sa libro na pianmagatang “Ako ay Muslim” na nagmula sa Bunyan Charity na nag-uunahan para sa maraming libro.

Hinihiling ko sa Allah, ang Kataas-taasan na ang mga salitang ito ay maging mapagpala at kapakipakinabang, maging tulong sa mga nagpaparating ng Islam at nagsusumikap sa kanilang pagpaparating ng Islam, at maging tulong na rin sa mga Muslim sa kanilang pagkilala sa sarili nilang relihiyon.

**Dr. Abdullah bin Muhammad Alghamidi**

**Mananaliksik sa paghayag at pagpaparating ng Islam**



أنا مسلم

I AM MUSLIM

**Ako ay Muslim,** ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at ako'y sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah.

Ako ay naniniwala sa Allah, sa mga Anghel, sa mga ibinabang rebelasyon, sa Huling Araw, at sa kabutihan at kasamaan na pumapaloob sa Tadhana.

**Ako ay Muslim,** si Allah ang aking panginoon, ang lumikha ng lahat, diyos ng buong daigdig ([Siya ay] hindi nagkaanak at hindi Siya ipinanganak).

**Ako ay Muslim,** wala akong ibang sinasamba maliban sa Allah, ang Nag-iisa at wala siyang katambal, ang panginoon na lumikha at nagbibiyaya sa akin (80. At kapag ako ay may sakit, Siya ang nagpapagaling sa akin. 81. At Siyang magtutulot na ako ay mamatay, pagkaraan ay muling bubuhayin. 82. At Siya ang aking inaasahang magpapatawad sa aking mga kasalanan sa Araw ng Pagbabayad. -Al-Shua'raa: 82-80) walang nakakaalam ng hindi hayag maliban kay Allah, kaya't ako ay walang pinaniniwalaan na manghuhula, ni mangkukulam, ni salamangkero, ni astrologist, ako ay tanging nagpapatirapa, yumuyuko, nag-aalay lamang sa Allah, sa Kanyang pangalan.

**Ako ay Muslim,** ang aking Propeta na sinusunod ay si Muhammad suma kanya nawa ang kapayapaan. Siya ay isang tao na tumatanggap ng rebelasyon, walang Sugo pagkatapos niya, siya ang pagtatapos ng mga isinugo.

Ako'y nananampalataya sa kanya at sa ibang propeta at mensahero, sila na ipinadala ng Allah; si Adam na tatay ng mga tao, si Noah na gumawa ng barko, si Abraham na kilalang pinakamamahal ng Allah, si Moses na kinakausap ng Allah, si Hesus at maliban sa kanila na isinugo ng Allah (suma kanila nawa ang kapayapaan at habag ni Allah).

Ang Sugo ni Allah (suma kanya nawa ang kapayapaan at habag ni Allah) ay mayroong mga “Sahabah” kasamahan, sila ay kilalang pinaka mabuting tao pagkatapos ng mga propeta, naungunguna sa kanila ay ang mga “Khulafa’a Al-Rashudun”; si Abu Bakar Al-Siddiq, Omar bin Al-Khattab, Uthman bin Affan at si Ali bin Abi Talib suma kanila nawa ang habag ni Allah at sa ibang mga “Sahabah”, at kung sinuman ang sumunod o tumahak sa kanilang mga yapak.

Ang Sugo ni Allah ay mayroong mga asawa, sila ang mga nanay ng mga mananampalataya, at sila ay may mga anak (suma kanila nawa ang habag ni Allah).

**Ako ay Muslim,** Qur’an ang aking aklat na sinusunod, ang salita ni Allah, ibinababa galing sa nag-iisang Tigib na Karunungan, ang Maalam, banal na rebelasyon, mapapangalagaan at malayo sa kahit anumang pagbabago at pag-iiba, libro na gagabay sa mga tao at lunas para sa anumang karamdamang nasa puso, maglilinaw sa lahat ng mga bagay.

Ako ay naniniwala sa aklat na ito, at gayundin sa mga naunang rebelsayon na ibinaba katulad ng Torah ni Moses, Zabur ni David, Bibliya ni Hesus at Suhuf ni Abraham.

**Ako ay Muslim,** Islam ang aking relihiyon at ito’y aking ipinagmamalaki, ito ay aking kumpletong tinatatanggap bilang aking relihiyon upang ako’y maligtas at malayo sa anumang kapahamakan, ako ay walang ibang ihahayag maliban sa kapayapaan, kumpletong komposisyon mula sa Panginoon na saklaw at angkop para sa lahat, naririto ang mga katuruan ni Allah upang magsilbi sa kapakanan ng mga tao, walang kabutihan maliban na dito ay itinuturo, at walang kasamaan maliban na ito ay ipunagbabawal, kinukuha at hinuhugot ang kada katuruan mula sa aklat ni Allah at “Sunnah” katuruan ni Propeta Muhammad (suma kanya nawa ang kapayapaan ni Allah) at kung saan ang napagkasunduan ng mga iskolar.

**Ako ay Muslim,** ako ay naniniwala sa Huling Araw, at anumang magiging ganap sa muling pagbangon, pagtitipon, pagtimbang, pagsusuri at “Sirat” tulay. Magsisimula sa libingan pagkatapos ng kamatayan hanggang sa dumating ang Oras.

Ako ay naniniwala sa paraiso na magiging hantungan ng mga masunurin at mananampalataya, at ako ay naniniwala sa impiyerno na magiging tirahan ng mga mapaggawa ng hindi makatarungan at hindi mananampalataya.

**Ako ay Muslim,** ako ay naniniwala sa "Qadar" tadhana at anumang pumapaloob na kabutihan at kasamaan dito.

Lahat ng bagay ay nasa panginoon ayon sa tamang sukat at bilang, at nasa itinakdang panahon, ang lahat ay magtatapos sa dahilan kung bakit sya nilikha, at kasama sa paniniwala sa tadhana ang paggawa ng dahilan.

Ako ay nagpupursige sa anumang makakatulong at makakabuti para sa akin, humihingi ng tulong mula sa Allah at ako ay hindi papayag na walang kabuluhan ang aking gawain, at kung ako'y susubukin sa anumang bagay; ako'y magtitiis at magtitimpi habang nananalangin ng gantimpala mula rito.

Maaaring ako ay iiyak sa pagkawala ng minamahal ngunit ako ay hindi hahagulgol, walang mangyayaring pananakit sa sarili at mukha, at pagpupunit ng aking bulsa (tanda ng labis na pagdadalamhati).

Ako ay malulungkot ngunit mayroong kasamang pag-asa sa pangako na ibibigay ni Allah, at aking sasabihin sa pagkakataon na ito: "Ang lahat ng pagpuri ay sa Allah lamang sa lahat ng pagkakataon".

Aking hinala at pag-iisip ay parating may mabuting resulta, at hindi ko kinikilala sa kawalan ng pag-asa, magtitiwala lamang sa Allah, sa Kanya dumidipende, gagawing maganda ang hinala sa aking diyos sa lahat ng Kanyang itinakda.

**Ako ay Muslim**, ako ay naniniwala na mayroong mga Anghel na nilikha mula sa liwanag, (Sila ay hindi sumusuway sa Allah sa anumang Kanyang ipinag-uutos sa kanila at kanilang ginagawa ang anumang ipinag-utos.-Al-Tahreem: 6) (Kanilang kinatatakutan ang kanilang Panginoong nasa kanilang itaas, at kanilang ginagawa ang anumang ipinag-utos sa kanila.-Al-Nahl:50) (Sila [mga anghel] ay lumuluwalhati sa [Kanya sa] gabi at araw, [at sila ay] hindi nanghihinawa [upang gawin ito].-Al-Anbiya: 20).

**Ako ay Muslim,** ako ay naniniwala na nilikha si Adan mula sa buhangin, sya ay nilikha ni Allah gamit ang Kanyang dalawang kamay, unang tao at sya ang kanilang ama, si Allah ay nilikha si Hawaa'a para kay Adan, silang dalawa ay nanirahan sa paraiso at pagkatapos sila ay ibinababa sa lupa.

**Ako ay Muslim,** ako ay nagdarasal ng limang beses kada araw, ako ay nagdarasal habang nasa kalinisan at nakadireksyon sa "Qiblah", ako ay nag-aayuno sa buong buwan ng "Ramadhan" simula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito, ako ay nagbibigay ng "Zakaat" kawanggawa, at nagbibigay ng boluntaryong donasyon "Sadaqah", at kapag ako ay may kakayahang pumunta sa Makkah, ako ay magsasagawa ng pilgrimahe "Hajj", ako ay alipin lamang ni Allah, tapat na kapatiran, tunay na pagiging patas, nagnanais ng katanggap-tanggap na Hajj at mga kasalanan na napatawad.

**Ako ay Muslim,** ako ay sumusunod sa aking mga magulang, at hindi pinuputol ang aking ugnayan sa aking kamag-anak, aking pinakikitunguhang mabuti ang aking mga kapitbahay, at ang mga bisita ay aking tinatanggap.

Ako ay sumusunod sa namumuno sa kabutihan, aking tinutulungan ang mga naaapi at nangangailangan.

Nararapat na ako'y magpigil ng kasamaan at magpalaganap ng kabutihan, at nararapat na ako ay makitungo ng maayos sa mga tao, at gayundin sa mga kahayupan, sila ay hindi ko pahihirapan, papakainin ko, papainumin ko, aalagaan ko, at hindi ko kakatayin maliban sa pinakamabuting pamamaraan.

**Ako ay Muslim,** aking mukha ay nakikisalamuha ng nakangiti sa lahat ng aking makakaharap, ako ay bumabati sa lahat ng mga Muslim, at ako ay dumadalo sa mag-anyaya sa akin, aking binibisita ang may kapansanan, at makikiramay sa mga taong may pagsubok na dinagdadaanan, ako ay sasama sa paglibing sa mga pumanaw, sila'y aking ipapanalangin at ihihingi ang kanilang kapatawaran, ako ay mananalangin para sa ikakabuti ng mga buhay na Muslim at gayundin sa mga pumanaw, magpapalitan ng regalo sa bawa't isa tanda ng aming pagmamahalan.

**Ako ay Muslim,** ang mga matatanda ay aking irerespeto, mga kabataan ay hindi pahihirapan, aking iniiwasan ang haka-haka at maling balita, aking sinusiguro ang bawat balita na aking ikakalat.

**Ako ay Muslim,** pinapalampas ko ang mga pagkukulang ng tao sa akin. Aking tatawagin ang mga tao sa kanilang pinakamagandang pangalan at palayaw, hindi ako mapagmatyag, ako ay lumalayo sa paninirang-puri, galit sa puso, selos at paghihiganti.

**Ako ay Muslim,** aking ninanais ang tulungan at pagkakaisa sa pagsunod at kabutihan, hindi ako pumapasok sa ibang bahay maliban na ako ay babati ng kapayapaan at magpapaalam, pagkatapos ay kakatok ng tatlong beses, at kapag ako'y hindi sinagot; hindi ako magpupumilit na pumasok.

**Ako ay Muslim,** ako ay tapat at hindi magsisinungaling, ako ay hindi nanunumpa ng mayroong kasinungalingan, hindi ko tinatalikuran ang aking mga ipinangako, ako ay hindi taksil at nagpapakita ng malaswang salita, kung hindi lang rin mabuti ang aking sasabihin mas mainam na ako'y manahimik.

**Ako ay Muslim,** aking pipiliin ang pagpapadali sa transakyon at negosyo, hindi ako manloloko, mandadaya sa timbangan at hindi ko kikimkimin ang depekto sa aking produkto, aking babayaran ang utang sa oras ng kasunduan, hindi ko aagawin ang benta ng aking kapatid, gayundin sa babaeng kanyang pakakasalan, hindi ko aagawin ang lupa na hindi ko pagmamay-ari at hindi iibahin ang mga palatandaan nito.

**Ako ay Muslim,** aking diyos ay bighani, at ang kagandahan ay Kanyang minamahal, magkagayon pinanatili kong malinis at mabango ang aking kasuutan.

Aking itinatago ang maselang bahagi ng aking katawan, at karumihan ay nililinis sa aking damit gamit ang tubig.

**Ako ay Muslim,** aking nirerespeto ang kababaihan, at sya ay aking pakikitunguhan ng malumanay; dahil sya ay nanay at anak, kapatid at asawa, ang kababaihan ay nagsisilbing dumidisiplina sa mga henerasyon at nagtuturo sa kalalakihan, ang babae ay mayroong

karapatan na kanilang pagmamay-ari, pagrenta, pagbenta, pagbili at iba pang transaksyon. Ang kababaihan ay may karapatan sa kanilang pag-aaral, pagtuturo at paghahanapbuhay; hangga't ito'y hindi sumasalungat sa relihiyong Islam.

**Ako ay Muslim,** ako ay malumanay at mapayapa, iniiwasan ang pakikipag-away at maling pakikipag-talakayan, ako ay hindi nagdudulot ng pag-aaway at pumapagitna sa pag-aayos ng dalawang may hidwaan. Kahit anong matulis ay hindi ko tinututok sa tao, kasunduan ay aking tinutupad, at ako'y nagpipigil ng pinsala sa lipunan at pagmamahalan ay aking tinatanim.

**Ako ay Muslim,** aking panginoon ay ipinagbabawal na pumatay ng sagradong kaluluwa kahit pa ito ay maliit na sanggol, ako'y pinagbabawalan na baliin ang buto ng bangkay, papaano pa habang sya ay nabubuhay?

**Ako ay Muslim,** bilang tanda ng aking kalinisan, pinuputol ko ang aking kuko, nililinis ang aking ngipin, sinusuklay ang aking buhok. Boses ko ay aking ibinababa sa tuwing nakikipag-usap maliban na ito'y kinakailangan itaas.

**Ako ay Muslim,** ipinagmamalaki ko ang aking relihiyon at sarili, ako'y nagtatrabaho gamit ang aking kamay at inilalayo ang sarili sa kahihiyan. Ako ay hindi kumakain maliban na ito ay malinis at galing sa maayos na pamamaraan, gayundin sa aking pagpapakain sa aking pamilya, ako ay hindi nagpapakabusog habang ang aking kapitbahay ay nagugutom.

Ako ay hindi nanlalait at nagmumura, at hindi ko sinisiraan o binabastos ang pagkain, aking kakainin ang pagkain kapag ito'y aking nagugustuhan, at ito'y aking iiwanan kapag hindi. Ako ay lumalayo sa sobrang pagkain, salita, pagtingin, pakikihalubilo at pananamit. Ako ay tumatawa kasama ang aking mga kasamahan, at wala akong inaabandona maliban na ito ay makakatulong sa ikakabuti. Pinapangalagaan ko ang aking kalakasan sa pamamagitan ng ehersisyo, paglangoy, pagsakay sa kabayo, at pagdepensa sa sarili.

**Ako ay Muslim,** ako ay hindi naglalasing, nagdodroga, at inaalagaan ko ang aking oras at pag-iisip. Hindi ako kumakain ng hindi namatay

o nakatay nang tama, at hindi ako kumakain ng dugo, karne ng baboy, anumang madumi at nakakapinsala, ako ay lumalayo sa pagpapatubo at pagsusugal.

**Ako ay Muslim,** ang aking paningin ay aking ibinababa sa mga bagay na ipinagbabawal, puri ay pinangangalagaan, mga tamang moral ay aking tinuturo sa aking asawa at mga anak, sila ay aking ginagastusan at naghahangad para sa kanilang kasiyahan.

**Ako ay Muslim,** ang mga talata ni Allah sa Kanyang libro at palatandaan sa daigdig ay aking sinusuri at pinag-iisipan.

**Ako ay Muslim,** maipagmamalaki ko ang aking relihiyon, dahil ito ay relihiyon ng awa at kapayapaan; inililigtas ang mga tao sa pagsamba sa puno, kahayupan at tao, patungo sa pagsamba sa Allah ang panginoon ng lahat. Ang relihiyong Islam ay lumalayo mula sa pang-aapi patungo sa katarungan, mula sa makitid na pag-iisip patungo sa malawak na kaisipan, at mula sa napag-iiwanan patungo sa pag-unlad.

Ang aking relihiyon ay Islam, sumasang-ayon at hindi taliwas sa likas na paniniwala, pangkalahatan na mensahe, nirerespeto ang sangkatauhan, hindi nagtuturo na nagmamalaki sa pinanggalingan at pangungutya sa ibang lahi, walang kalamangan ang Arabo sa hindi Arabo, at ang hindi Arabo ay hindi nakakalamang sa Arabo, gayundin ang kayumanggi ay hindi nakakalamang sa maitim, at ang maitim at hindi nakakalamang sa kayumanggi; dahil ang sukatan ng kalamangan o kahigitan ay ang “Taqwa” tunay na pagkatakot sa Allah.

**Ako ay Muslim,** ang aking relihiyon ay tinuturuan akong magsaliksik ng kaalaman, nag-aanyaya para sa mga bagay na makakatulong sa aking pag-iisip at pag-uugali, at hindi ginawa ng Islam na maging hadlang ang pag-unlad sa kaalaman sa mga taong mapagsamba, nag-uutos ang Islam na magsaliksik ng kaalaman at ito ay nararapat ituro sa iba. Ang Islam ay hindi pumapanig sa kamangmangan at maling kuro-kuro.

**Ako ay Muslim,** ang aking relihiyon ay nag-uutos na ako ay maging mahiyain, matino, tumulong nang walang hinihinging

kapalit, matapang, matalino, matiisin, mapagkakatiwalaan, mapagpakumbaba, mahinhin, malayo sa pandaraya, pasunod sa napagkasunduan, mapagmahal sa ikakabuti ng mga tao, magpursigi sa kabuhayan, magkaroon ng awa sa mga mahihirap, bumisita sa may mga kapansanan, pagtugon sa mga pinangako, maayos na pagsasalita, humarap sa tao nang may ngiti at magpasaya ng iba habang kaya.

**Ako ay Muslim,** ipinagbabawal sa akin ng aking relihiyon ang kamangmangan, ipinagbabawal ang pagtaliwas sa diyos, ateista, kasamaan, kalapastanganan, pakiki-apid, katiwalian, pagmamalaki, inggit, paghihiganti, maduming hinala, sobrang kalungkutan, katamaran, kaduwagan, kawalan ng trabaho, galit, walang direksyon, hindi katinuan, ang mang-api ng kapwa, salitang walang kabuluhan, pagbubunyag ng mga sikreto, katrayduran, pagtalikod sa pangako, ang bastusin ang mga magulang, pagtalikod sa ating kamag-anak, ang pabayaan ang ating anak, ang guluhin ang ating kapitbahay at gayundin sa ibang tao.

**Ako ay Muslim,** aking ipinipresenta ang mga kautusan ni Allah sa abot ng aking makakaya, at ako ay lumalayo sa mga ipinagbabawal, aking tinatahak ang landas ng kabutihan.

Maaring ako'y magkaroon ng kasalanan subalit ako'y magsisisi, pipigilang magkasala, at magbabalik-loob sa Allah, katotohanan Siya Ang Mapagpatawad at Ang Maawain.

At kapag nagbalik-loob ang isang Muslim, o ang isang hindi mananampalataya ay naging Muslim, sya ay papatawarin ni Allah na parang sya ay batang sanggol na walang pahid ng kasalanan.

Si Allah ang aking panginoon na nagpapatawad ng lahat ng kasalanan, maliban sa kasalang pagtatambal o pagkilala ng panginoon maliban sa Kanya, ito ay sumisira sa lahat ng gawain, at pipigil sa lahat ng tagumpay.

**Ako ay Muslim,** ang aking relihiyon ay pinangangalagaan ang natural at likas kong anyo, at tinitignan ang kahinaan ko bilang isang nilalang; at sa tuwing ako ay nagkakamali, nagkukulang, nagpapabaya, binubuksan ni Allah para sa akin ang pintuan ng kapatawaran,

pintuan ng pagbabalik-loob sa Allah; ang "Tawbah" pagbabalik-loob sa Allah ay nagbubura ng aking pagkukulang, at nagtataas ng aking antas sa panginoon.

**Ako ay Muslim,** parati kong inaalala ang sinabi ng Allah sa Kanyang libro (Huwag kayong mamatay maliban kayo ay [nasa kalagayan bilang] mga Muslim- Al-Imran:102) magkagayon parati akong nananalangin sa aking panginoon: (Tulutan Mong ako ay pumanaw bilang isang Muslim at ako ay ibilang Mo sa [hanay ng] mga matutuwid. Yusuf:101). Pagkatapos ng aking kamatayan at makapasok sa paraiso, makita ang mukha ni Allah, aking diyos na lumikha, nagtustos, at nagkumpleto ng aking biyaya, at makita ang mga propeta (suma kanila nawa ang kapayapaan at habag).

Gusto kong linawin na walang sinuman sa ibat ibang parte ng mundo na matatagpuan nya ang Islam, at ito'y kanyang tinignan ng patas na mata; maliban na ito'y kanyang yayakapin, ngunit ang pagsubok ay nasa paninira ng ligaw na tao sa Islam.

At kapag titignan lamang ang tunay na reyalidad ng relihiyon na ito, o ang tunay na katayuan ng mga Muslim, walang mag-aalinlangan na tanggapin ang relihiyong ito, kanyang matutunghayan na ang Islam ay nag-aanyaya sa tagumpay ng tao, kapayapaan, kaligtasan, at naghahayag ng katarungan at mabuting pakikitungo.

Hindi tama na ating husgahan ang kabuuan ng Islam dahil lamng sa maling gawain ng iilan sa mga nagkakamaling Muslim, maging sila ay madami o kakaunti, dahil ang Islam ay hindi ito kinukunsinte, at ang kanilang kaligawan ay dulot ng kanilang kagustuhan; dahil ang Islam ay hindi nagtuturo ng kasamaan at mahigpit itong ipinagbabawal.

Ang hustisya ay kinakailangan na tumingin ka sa mga tao na tunay na ipinipresenta ang Islam, mga tao na tumutugon sa kung ano ang ipinag-uutos sa kanila; dahil ito ang tanda ng pagdadakila at pagmamahal sa relihiyong ito at sa mga tagasunod nito, ang Islam ay walang iniwan na maliit o malaking bagay na kabutihan at gabay maliban na ito'y ipinag-utos, at walang maliit o malaki na kasamaan maliban na ito'y ipinagbabawal at pinuputol ang ugat nito.

Ating matutunghyan na nasa mga taong tunay na dumadakila sa mga

ritwal ng Islam ang mataas na tagumpay at kasiyahan, sila lamang ang mga nagtataglay ng mabuting pag-uugali, saksi dito ang mga tao, sila man ay malayo o malapit, sila man ay sumasang-ayon o hindi.

Bilang panghuli, ito ay aking imbitasyon sa mga hindi Muslim na alamin at kilalanin ng patas ang relihiyong Islam.

At kung sino ang nais pumasok sa Islam; ang kinakailangan lamang niyang sabihin ay: “Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay Sugo ni Allah”. At nararapat na kanyang pag-aralan ang mga inoobliga habang ikaw ay isang Muslim, at kapag nadadagdagan ang iyong kaalaman at gawa; iyong kasiyahan ay madadagdagan at iyong antas ay tataas sa iyong panginoon.

**Inipon at inihanda:**

**Dr. Abdullah bin Muhammad Alghamidi**

**Mananaliksik sa paghayag at pagpaparating ng Islam**

أنا مسلم
I AM MUSLIM

Mga usapin upang pagpapakilala
sa relihiyong Islam